
Magasin ng BAGONG Buhay


Linggo, Disyembre 2, 1951



## Ang "Big 3": sa isang makasaysayang tagpo...

May anim na taon na ang nakalilipas (1945), ang "Big 3" ay nagdaos ng isang panayam sa Postdam. Sa panayam na yaon ay napagkayarian at pinagtibay ng Pangulong Truman ng E. U. (gitna), ng Punong Ministro Churchill ng Inglatera (kaliwa) at ni Heneralisimo Stalin ng Rusya na hatiin sa dalawang bahagi ang Korea... Ngayon, sa muling pagluklok sa kapangyarihan ni Churchill pagkaraan ng ilang taong pamamahinga, ay may napakalaking ipinagbago ang lakad ng mga pangyayari: ang Korea ay isang malagim na larangan ng paghahamok na nanganganib maging titis ng ikatlong digmaang pangdaigdig kung hindi magtatagumpay ang mga pagsisikap ng Nagkakaisang mga Bansa na mahadlangan ang nagbabalang "panganib".











Ang mga tauhan ng "11th Airborne Division" ng Estados Unidos ay may panggigilalas na nagmamasid sa ikaapat na pagsabog ng bomba atomika kamakailan sa Nevada. Ang pagsabog na itong itinuring na isa sa mga lalong matagumpay na pagsubok ay nagpayanig hanggang sa layong may 65 milya na ikinabasag ng mga bintanang salamin ng maraming tahanan.

## Isa pang pagsabog ng bomba atomika . . .


Ang makapal na balumbon ng namumulang usok na nakita ng madla hanggang sa malalayong dako. Ang larawang ito'y kuha sa ituktok ng Mount Charleston, 35 milya ang layo sa pook ng pagsabog. (Mga larawang kuha ng INP Soundphoto.)




## Mga Katangitanging Aeroplano ng E. U.



**Ang kinikilalang pinakamabilis na pambomba at panlabang aeroplano sa buong daigdig — ang "Boeing B-47 Stratojet" at ang "N. American F-86 Sabre" na naglilingkod sa Lakas na Panghimpapawid ng Estados Unidos. Ang "stratojet" ay nakalilipad sa bilis na 600 milya isang oras, samantalang ang "Sabre" ay 670 milya isang oras na siyang sumira ng rekord sa buong daigdig.**



**Ang "F-80 Shooting Star" ng Hukbong Panghimpapawid ng E. U. Sa kasalukuya'y isa ito sa mga "makapangyarihang sandata" ng Magkakaanib na ginagamit sa digmaan sa Korea. Ang "F-80" ay nakapagdadala ng mga punlo at bombang sapat pumuksa ng libu-libong kaaway.**



**Ito ang "Skyrocket" na siyang naghahawak ng rekord sa pinakamataas na paglipad at sa bilis na "di masundan ng tingin." Sa isang pagsubok kamakailan ay ibinunyag ng Hukbong Dagat ng Estados Unidos na ang lakas ng Skyrocket ay "hindi mapapantayan" bagaman hindi naglahad ng iba pang ulat. Sa larawan ay makikitang iniluwal ng isang "inang sasakyan" ang Skyrocket upang magsimulang lumipad na paitaas.**

## Tingnang UNA ANG PILIPINAS...



*Kagandahang-loob ni: Bayani Bernardo, AIA, Malabon, Rizal*

Hindi kalayuan sa Maynila, sa paglalakbay sa Hilaga, ay matatagpuan ang makasaysayang SIMBAHAN NG BARASOAIN ng Malolos, Bulakan. Walang pag-aalinlangang matatandaan ng mga mambabasa na ang bantog na Simbahang ito ay minsang naging luklukan ng Kapulungan ng Himagsikan. Ang kalipunang ito'y nagpulong noong Septiyembre, 1898, sa isang pagtatangkang magtayo ng isang republika, na noong ika-29 ng Nobyembre ng naturan ding taon ay nagpatibay ng isang kapasiyahan (sa pamumuno ni Felipe G. Calderon) ng ngayo'y tinatawag na "Constitusyon ng Malolos" — mga bantog na pangalan at bantog na petsang lumikha ng mga bantog na yugto ng kasaysayan... sa isang paraang katulad ng ang mga sapatos na gomang JACINTO ay bantog na sagisag ng sapin sa paa kung tungkol sa pinakahuling estilo, di mapapantayang mga katangian at kaginhawahang "tila-lumalakad-sa-hangin".

Tingnang Una ang Pilipinas at umangat sa hangin sa pamamagitan ng JACINTO.



Ang maingat na mga pagsubok sa laboratoryo at sa larangan ay siyang sanhi kung bakit ang mga sapatos na gomang Jacinto ay siyang nahirang ng mga dalubhasang tauhan ng Hukbo at ng Pamahalaan sa ibabaw ng ibang tatak


Jacinto
RUBBER & PLASTICS CO., INC.
5TH AVENUE, GRACE PARK · TEL. 2-67-67

**GANTIMPALANG SALAPI!!**


Magbabayad kami ng P20.00 sa magpapadala ng anumang larawang kuha sa kapuluan na mahalaga sa mga turista, na mapipili ng bahay-kalakal na ito upang ilathala kaugnay ng yugtu-yugtong anunsiyong ito. Ang larawan ay kailangang lakipan ng mga tala, gaya ng kinaroroonan, mga paraan at kailangan upang makarating sa naturang pook, at iba pa. Ipadala ang inyong mga kuhang-la- [illegible]

# Mga Balita Sa Larawan Buhat Sa Kabilang Ibayo Ng Dagat


**Mga larawang kuha ng INP Photo**



Itinaon sa pagsapit kamakailan ng ika-34 na anibersaryo ng Himagsikang Ruso, isang samahan ng mga kabataang anti-komunista sa Kanlurang-Alemanya ang nagpalipad ng malalaking lobo bilang propaganda laban sa mga pulahan. Ang mga lobo ay nagtataglay ng libulibong polyetong humihinging palayain ang may 30,000 bilanggong pulitiko na nangapipigil sa mga himpilang piitan ng ruso, gayundin ang pagbaka ng kabataan sa mga pamahalaang inuugitan ng mga pinunong papet. Dalawa sa nabanggit na mga lobo ang makikitang nakatakdang paliparin ng mga kagawad ng samahan.











Dalawang treng kinalulunanan ng daan-daang pasahero ang nagbanggaan kamakailan sa Evanston, Estados Unidos na ikinasawi ng 31 katao. Sa unang larawan sa itaas ay makikita ang naging ayos ng dalawang kulang-palad na sasakyan, at sa ikalawa ay ang isa sa mga naging biktima ng sakuna na inilululan sa kamilya upang dalhin sa morge.



Sa biglang malas ay di karakarakang mawawaan ang larawan sa itaas, na dili iba't isang aeroplanong uring "jet" ng hukbong dagat ng Estados Unidos. Ang aeroplanong ito'y inabot ng sakuna sa paglipad na patungo sa larangan sa Korea at bumagsak na pataob sa gilid ng isang tagapagdala ng aeroplano. Kung anong himala, ang piloto ay hindi man lamang nasaktan at maluwalhating nakaligtas.

# Pagkabigo



## ni Josefina E. Antonio

**KUNG MINSAN, ANG PAGKABIGO SA DAKILA AT BANAL NA MITHIIN AY NAGIGING DAHILAN UPANG LALONG MARATING ANG TUGATOG NG TAGUMPAY AT KADAKILAAN**

ANG hilig sa musika o sa alinmang sining ay isang bagay na di katulad ng batong nagkalat lamang at napupulot sa daan. Iya'y hindi ipinagkaloob ng Diyos sa lahat ng Kanyang mga nilalang, kaya itinuturing kong mapalad ka, Armando!

Napatigil ang mga kamay ng binatilyo sa mabilis na paglalaro sa teklado ng piyano at napatingin sa kanyang guro.

—Katangitangi ang iyong talino sa musika, — tinapik-tapik ni Miss Hermoso ang isang balikat ni Armando. — Aba, balang araw ay marami ang manganganino sa iyo!

Tumindig si Armando sa pagkakaupo at hinawakan ang isang kamay ng guro.

—Bukas ay aalis na ako, Miss Hermoso, at matagal ding hindi tayo magkikita, — basag ang tinig ng binatilyo. — Kung ako lamang ang masusunod, ibig ko'y kayo ang aking maging guro sa habang panahon.

—Nalulungkot ka, Armando, —hindi nakaila kay Miss Hermoso ang malungkot na tinig ng kanyang kausap. — Higit sa sarili mong kaligayahan, ang mahalaga'y ang iyong kinabukasan. Ang kailangan mo ay pagsulong at iya'y di ko maibibigay sa iyo. Sa konserbatoryo'y mapapailalim ka sa patnubay ng mga guro na higit ang nalalaman kaysa akin.

—Maraming salamat sa inyong mga pagtulong sa akin, Miss Hermoso. Sa lahat ng sandali'y di kayo mawawalay sa aking alaala. Lagi kong iisiping kayo ay kasama ko, nagtatanod sa akin at nagbibigay-sigla! — Hindi na nabigkas ni Armando ang iba pa niyang sasabihin. Sa pakiramdam niya'y may bahagi sa kanyang katauhan na dumaranas ng kamatayan nang mga sandaling iyon.

—II—

Isang liham ang iniabot ni Miss Hermoso sa binatang panauhin niya nang hapong yaon, samantalang sila'y magkaharap ng upo sa pagitan ng isang mesita.

—Basahin mo nga iyan, Toni. Sulat iyan ng propesora ni Armando sa konserbatoryo na kaibigan ko, — may pananabik ang tinig ng guro.

*"Marami ang humahanga kay Armando, guro man at estudyante,"* marahang basa ng panauhin. *"Kung bansagan siya dito ay Jose Iturbi. Ano ang malay natin kung balang araw ay tanghalin nga siyang Iturbi ng Pilipinas? Hindi malayong ito'y mangyari kung isasaalang-alang ang pambihira niyang katalinuhan."*

—Talagang maganda ang hinaharap ng batang iyan. Sayang at hindi siya nakabuhayan ng kanyang mga magulang, —wika ng lalaki habang iniaabot na muli ang liham kay Miss Hermoso.

—Ang sabihin mo'y mapalad ang iyong pamangkin at nagkaroon ng amaing kagaya mo na marunong magmalasakit sa kanyang kapakanan at di nanghihinayang na siya'y paggugulan.

—Tingnan mo siya. Pamangkin ko raw lamang. Pamangkin nating dalawa, hindi ba, Luz? —may kislap ng panunudyong gumitaw sa mga mata ng lalaki.

—O sige na nga kung iyan ang ibig mo. Kung nagkataong nagka-amain ng masungit ang *pamangkin natin,* — ipinakadiin ni Miss Hermoso ang pagbigkas sa dalawang huling kataga, —e di nasayang lamang ang kanyang talino. Para lamang binhing nahasik sa tigang na lupa na di magnunuynoy.

—Maalaala ko nga pala, Luz. Hindi mo ba napapansin ang pagka-walang kibo ng batang iyan na tila parating may malalim na iniisip?

—Oo nga, Toni. Nguni't iya'y di natin dapat ipagtaka, sapagka't marami sa mga taong mahilig sa musika ang likas na dimasalita.

—Napaka-alangan naman yata sa isang musiko na lagi na lamang magsa-walang-kibo. Naku, pihadong matutuwa si Armando kapag nalamang ikaw at ako'y... — isang makahulugang kindat ang idinugtong ng lalaki.

—Huwag mong lilimutin ang kasunduan natin, Toni. Basta't ililihim natin iyan kay Armando hanggang siya'y hindi nakatatapos ng kanyang pag-aaral. Iyan ang magiging sorpresa natin sa kanya sa kanyang pagtatapos.


Napangiti ang lalaki.

—Iyan lamang pala e... Madali iyan. Ang alaala ko lamang ay baka mabunsol si Armando sa tuwa.

—III—

—Ang sining ng musika ang siyang sa pasimula pa'y dinakila ng aking puso't binathala ng aking kaisipan. Siya at ang sining, sa aking palagay ay iisa, at sapagka't sila'y magkaugnay, ang isa'y di ko maaaring mahalin nang hiwalay sa isa. Pitong taon ang pagitan ng aming mga gulang, nguni't sa isang nagmamahal, ang gulang ay hindi nagiging hadlang. Datapuwa't sa aba ng aking palad...! Sa araw pa namang maituturing na pinaka-dakila sa aking buhay, sa araw na iyong balakin ko ang pagtatapat sa kanya'y saka ko nalaman ang

*(Buklatin sa pahina 7)*



**Kuwento ni ANGELA SOLIS**

# Ang Asawa ng Makata

**PAGKATAPOS NG LAHAT... WALA NANG TATAMIS PA SA PILING NG ISANG KABIYAK NA NAGING KAHATI AT KARAMAY SA LAHAT NG HIRAP AT SULIRANING KINASUUNGAN NG ATING BUHAY**



MASAYANG MASAYA ang pag-uusap ng tatlong magkakaibigan habang sila'y buong tuling inihahatid ng sasakyang kanilang nilulanan. Hindi nila halos napansin na sila'y may kaangkas na isang lalaking matamang nakikinig sa kanilang napakasayang pag-uusap.

Nang ang sasakyan ay paliko na sa may daang M. Gregorio ay nakita ng tatlo si Berting na nakatayo sa may panulukan ng salikop na daan.

—Hayun si Berting. —ang turo ni Yolanda sa dalawang kaibigan. —Hindi na ba siya nag-aaral?

—Nag-aaral, —ang halos ay panabay na tugon ng dalawa, nina Rodora at Belen.

—E, bakit naririto gayong hindi pa naman bakasyon?

—Ewan natin, baka mayroon lamang mahalagang bagay na kinailangan kung kaya't napaluwas, —tugong paliwanang ni Rodora.

—Ano raw ba namang karera ang kinukuha? —usisa ni Belen.

—Tila abugasiya, — sagot ni Rodora.

—A, sa lahat nga ng karera ay iyan ang ayaw ko. Ewan ko kung bakit muhing-muhi ako sa karerang iyan, —pagtatapat ni Yolanda.

—Ako man, suyang-suya rin ako, —patianod naman ni Belen.

—Kung kasinungalingan ang pag-uusapan ay mayroon pa bang uuna sa isang makata? —wika naman ni Rodora.

—Bueno, iba ang propesyon sa apisyon. Ang pag-aabugado ay isang propesyon samantalang ang pagiging makata ay isang apisyon, —pagtutumpak ni Belen.

—Oo nga, nguni't ang pinag-uusapan natin ay ukol sa kasinungalingan. Ang kasinungalingan ng isang abugado ay ang pagbaluktot lamang sa isang bagay na matuwid at ang pagtuwid sa bagay na liko, subali't ang kasinungalingan ng isang makata ay sukdulan hanggan langit. Pinapapangit ang maganda at pinagaganda ang pangit, —paliwanag ni Yolanda.

—Makikita mo't isang makata ang iyong mapapangasawa, —pagbibiro ni Belen sa kaibigan.

—Ewan ko rin,—paayon ni Yolanda, —nguni't ngayon pa'y sinasabi ko sa inyong hindi pa nagtatapat ang kahabag-habag ay wala na siyang inaasahan sa akin.

Sa sinabing ito ni Yolanda ay nagkatawanan ang tatlong nag-uusap. Samantala naman si Arnulfo ay hindi umiimik sa kanyang pagkakaupo. Nagkasiya na lamang siyang nakinig sa pag-uusap ng tatlo at sa pagtingin sa salaming nasa unahan ng "jeepney" na kanilang sinasakyan.

Nang dumating na sa tapat ng tahanan nina Belen ang sasakyan ay sunud-sunod na umibis ang magkakaibigan sa anyaya ng dalaga na dumaan muna sina Yolanda at Rodora. Nagpipilit na lamang ng ulo ang binata nang ang magkakaibigan ay pumapasok na ng tarangkahan.

Dumating ang araw ng bakasyon. Sina Yolanda, Belen at Rodora ay nagkalayu-layo pagka't umuwi na ang dalawa —sina Yolanda at Rodora —sa kanilang lalawigan. Nagkataon namang sa bayan nina Yolanda ay nagkaroon ng malaking timpalak-kagandahan at ang dalaga ay kabilang sa mga naging kandidata. Ang bagay na ito'y hindi nalingid sa kabatiran ng dalawang kaibigan pagka't ang masusugd na tagapagtaguyod ay nagpadala ng mga balota upang tulungan si Yolanda sa napakalaking kompromisong iyon. Ang dalawa naman ay di nagpabaya at ginawa ang kanilang buong makakaya upang makatulong sa kaibigan.

Nang dumating ang gabi ng huling bilangan ay nagalak ang lahat. Si Yolanda ang nahalal upang maging patnubay sa nasabing kapistahan. Ang bagay na ito'y hindi rin nalingid sa dalawang kaibigan ng dalaga kaya't kasabay ng liham ng pasasalamat na tinanggap nina Rodora at Belen ay ang paanyaya sa kanilang pagdalo sa nabanggit na kapistahan.

Dumating ang gabi ng koronasyon. Ang buong liwasan ay punong-puno ng mga taong kung saan-saang pook nanggaling sa hangad na masaksihan ang dakilang pagpuputong na gagawin sa kanilang reyna. Nang dumating na ang sandali ng pagpuputong kay Yolanda ay gayon na lamang ang pagkamangha nito pagka't ang lalaking magpuputong sa kanyang kamahalan ay walang iba kundi ang binatang kaangkas nila sa sasakyan nang kanyang pintasan ang mga makata. Nangunti siya ng gayon na lamang nang pinapupurihan na siya ng makata pagka't binanggit nito ang pagiging hamak ng makatang tulad niya sa paningin ng dalaga.

Nang matapos ang koronasyon ay isinunod ang sayawan bilang parangal sa mga nahalal na dilag. Unang nagsayaw kay Yolanda ang makatang nagputong sa kanya. Nag-usap sila ng buong giliw sa kabila ng mga sulyap na may halong panunudyo ng dalawang kaibigan ni Yolanda, na sina Rodora at Belen, pagka't sila ang kasama ng dalaga nang hapong yaong makaangkas nila ang binata.

Nang matapos ang sayawan nang gabing yaon ay hindi nagkulang si Yolanda na di anyayahan ang binata sa kanilang tahanan na buong puso namang pinaunlakan nito. Hindi man nais ni Yolanda ay napilitan siyang humingi ng paumanhin dahil sa nangyari nang hapong yaon. Sinabi naman ng binata na walang dapat ipagalaala ang dalaga.

Magbuhat noon ay naging

masigla ang pagpapalagayan nina Yolanda at Arnulfo hanggang sa humantong sa "pagtatapat" ng binata sa dalaga na nang lumaon ay nagwakas sa pagkakaunawaan ng kanilang mga puso.

—Yolanda, patutunayan ko sa iyong kaming mga makata ay hindi sinungaling —ang paglalambing ni Arnulfo sa kasintahan isang gabing sila'y naguulayaw. —Nais ko sanang sa lalong madaling panahon ay lumagay na tayo sa tahimik.

Hindi nakuhang tanggihan ng dalaga ang hiling ng kanyang kasuyo kaya't ito'y napilitang sumang-ayon. Nagtapat ang binata sa mga magulang ng dalaga. Nang magkaunawaan na silang lahat ay itinakda ang pagdaraos ng kasal.

---

Ilang taon ang lumipas. Ang mag-asawang Arnulfo at Yolanda ay tahimik na namumuhay. Bagama't wala pa silang naging supling ng pag-ibig ay hindi naging sagwil iyon upang sila'y mapuspos ng ligaya sa kanilang pagsasama. Lagi silang dumadalo sa malalaking pagtitipon lalo na't si Arnulfo ay naaanyayahang magputong sa gayon at ganitong pistahan.

Subali't ang panahon ay hindi laging aliwalas. Dumarating ang sandaling ang langit ay nasasaputan ng mga kimpal ng ulap. At ang pagmamahalan ng mag-asawa'y ganyan din ang naging katulad. Sumapit kay Arnulfo ang panghihinawa sa kanyang dating hilig. Pinabayaan na niya ang kanyang panulat. Nabuyo siya sa pakikisama sa mga kaibigang ewan kung saan-saang pook nagpapalipas ng panahon. Nang lumaon ay nagpaalaala ang mabait na si Yolanda, subali't hindi man lamang nabalino si Arnulfo. Pinilit ni Yolandang ibalik ang asawa sa dating hilig, subali't si Arnulfo ay naging bugasot sa kanyang pag-uugali at nang lumaon ay binigyan pa ng ibang kahulugan ang pagmamalasakit ng asawa.

—Arnulfo, —ang minsa'y pansin ni Yolanda, —tignan mo ang nangyayari sa iyo. Malaki na ang ipinangayayat mo. Lagi kang kulang sa tulog. Ang hanap-buhay mo ay iyong napapabayaan. Pati ng iyong pagsusulat ay itinakwil mo na kaya't nalimot ka na rin ng iyong mga tagahanga!

Biglang pinagdimlan ang isip ni Arnulfo. Naging isang mahayap na paghamak para sa kanya ang salita ng kanyang asawa na ulit-ulit na niyang pinagsabihang huwag nang babanggitan pa. At sa malabis na pagkabagot ng lalaki'y naitulak nito ang asawa na sa kasamaang-palad ay nahampas ang ulo sa kanto ng kanilang mesita. Umagos ang dugo sa ulo ng kahabag-habag, subali't hindi man lamang nabalino si Arnulfo.

Hindi lamang ito ang naging dulo ng malabis na pagkagalit ni Arnulfo. Nakapagsalita pa ito ng napakabigat sa asawa na siyang malabis na dinamdam ni Yolanda —pangungusap na para sa kanya ay higit pang matalas kaysa punyal na itinarak sa kanyang dibdib ng minamahal niyang si Arnulfo. At dahil nga sa gayong pangyayari ay pagkamuhi ang humalili sa nagmamahal niyang puso. Ang dating mataas na pagkakilala niya sa katauhan ng asawa ay nahalinhan ng pagdusta at pagpapalagay na si Arnulfo na ang pinakahamak na linikha sa balat ng lupa. Nang lisanin niya ang kanilang tahanan ay para pa niyang naririnig ang mahahayap na pangungusap ng asawa.

—A, babaeng hating sa karangalan! Sulong, hindi kita kailangan sa tahanang ito!

Lumayo si Yolanda nang napakalayo. Hindi na niya nais makakita pa ng mga magasing dati'y kinagigiliwan niyang basahan. Nagpapasariwa lamang ang mga iyon sa sugat ng kanyang puso. Hindi rin niya ninais na makarinig man lamang ng tula pagka't lalo lamang siyang nagdaramdam Ni ang mga tugtugin sa radyo ay hindi na rin hinangad ni Yolanda na makarinig pa pagka't lalo lamang siyang nagdaramdam. At upang tuluyan na siyang makalimot ay sa isang liblib na nayon na siya nanirahan na kapisan ang isang matandang babae na siyang nagluluwasan sa Maynila upang bumili ng kanilang mga paninda.

Samantala naman, si Arnulfo ay inabot ng isang mabigat na karamdaman. Ang dating matipunong katawan nito'y untiunti nang nabagbag at nang lumaon ay hindi na makalakad. Isang silyang may gulong ang kanyang ginagamit upang makapagyao't dito sa loob ng kabahayan. Ngayon siya nagsisi. Ngayon niya nakilala ang kanyang pagkakamali at ang kahalagahan ng kanyang butihing maybahay.

Nagbalik siya sa dati niyang hilig. Muli niyang ginamit ang kanyang panulat. Salamat naman at siya'y di nabigo. Nasa kanya pa rin ang dating husay sa paglalarawan ng mga bagay na ibig niyang palitawin, nasa kanya pa rin ang ganda ng literatura. Subali't isang bagay ang hindi niya maihayag. Ito'y ang kanyang pangalan. Nahihiya siya sa kanyang sarili pagka't ang buhay niya nang nakaraang araw ay karimarimarim. Nagtago siya sa sagisag na MAHIWAGA. Maging sa kanyang mga kuwento o tula ay ang sagisag na ito ang kanyang ginagamit.

Isang araw, ang matandang kasama ni Yolanda ay hindi nakaluwas ng Maynila. Napilitan ang butihing babae na siyang lumuwas pagka't lubhang kailangan ang maraming pamilihing gagamitin sa kanilang nayon. Nagkataon namang nang namimili na si Yolanda ay nakita siya ng kaibigang si Belen, na dahil sa malabis na panana-

(*Buklatin sa pahina* 19)

---

## Disyembre



**Ganito ring buwan nang mamutlang dahon**
**ang aba kong palad na dinapit-hapon;**
**habang ginagabi ang sundong-linggatong**
**tila naghahanda ng huling pabaon.**

**Sa tabi ng isang kutitap na ilaw,**
**matangi sa sinta'y walang naglalamay;**
**matindig-maupo'y di maiwan-iwang**
**idinadalangin yaring kaligtasan.**

**Matiklop-maladlad ang abuhing tabing**
**sa apat na sulok niring panimdimin;**
**ang mga mata kong sa luha'y nanglalim,**
**nangalay sa bigat ng antok na pigil.**

**Bakit ang isa pa'y nagmabagal-lakad**
**ang aking umagang di naman napuyat;**
**sa inip ng kasi'y ibig na mabatak**
**nang ako'y mahagkan ng bagong liwanag.**

**Ganito ring buwan nang ako'y manganib**
**sa lambong ng gabing may "wakas" na guhit;**
**salamat sa Diyos at Kanyang inibig,**
**ang "minulang-lupa'y" di-agang nasapit.**

**—En. C. Agleham**

---

## Pagkabigo . . .

(*Karugtong ng nasa pahina 5*)

masaklap na katotohanan, —sandaling natigil sa pagsasalita si Armando at pinahid ang pawis na gumigiti sa kanyang noo, —na siya, si Luz Hermoso, ang aking butihing guro, ang babaing siyang lahat sa aking buhay ay kaisang-palad na ng aking amain. Ngayo'y hindi na ako makatutugtog, hindi na. . .! hindi na. . .! — labnot ang buhok na napayupyop si Armando sa kaharap na piyano.

Tumindig ang lalaking nakikinig at nilapitan ang nakayupyop na binata.

—Armando, sa mga sandaling ito'y naaalaala ko ang dakilang pintor na pagkatapos ng maraming kabiguan sa buhay ay naiguhit ang walang kamatayang "PHOENIX", ang ibon na matapos masunog ay nagbangon sa sarili niyang abo. Ibig ko'y diyan ka mapatulad. Sa ibabaw ng kasawian mo'y magbangon kang taglay ang bagong lakas at pag-asa! Makikita mo't ang sining ay lalantad sa iyong tag-

(*Buklatin sa pahina 14*)

**ITINAKWIL SI DELFIN NG KANYANG AMA DAHIL SA PAGSUWAY SA KAGUSTUHAN NITO, SUBALI'T SA HALIP NA MALIGAW AY NASUMPUNGAN NIYA ANG TUMPAK NA LANDAS...**

# Walang Hindi NAGBABAGO



**Kuwento ni Feliciano C. Evangelista**

SA TATLONG anak ni Don Fernando ay kay Delfin siya nakababanaag ng pinakamagandang pag-asa sa hinaharap. Paano'y ito lamang ang may hilig sa pag-aabugado. Ang panganay na si Delio ay nahulog sa pagpapari at ang sumunod namang si Anita ay sa pagguguro sa piyano.

Si donya Maria ay nalulugod din sa bunso nilang si Delfin palibhasa'y nakikitaan niya ng pambihirang talino. Dito sila umaasang balang-araw ay lalong matatanyag ang kanilang pangalan at hindi na sila uupa pa ng abugadong mangangasiwa't kakatawan sa malawak nilang sakahan at mga ari-arian.

—Ang mabuti, Delfin, —isang gabi'y mungkahi ni Don Fernando, —ay lumuwas ka sa Maynila at doon mo na tapusin ang iyong pag-aaral.

—Kung siya mong minamagaling, Papa, di lalong mabuti, —nasisiyahan namang tugon ni Delfin sapagka't noon ay magsisimula na siya ng unang taon sa pamantasan.

Ang magandang balak ay nagkatotoo. Nang muling magbukas ang paaralan ay nag-aaral na si Delfin sa pamantasan ng Pamahalaan. Hindi siya katulad ng ilang nagsisipag-aral na marami pa ang pagpupuyat sa kasayahan kaysa pagsusunog ng kilay sa mga aklat. Nagagalak si Don Fernando at si Donya Maria sa taas ng mga promedyong nakukuha ng kanilang anak tuwing eksamen. Sa lugod ng kanyang ama, hindi pa man nagsisimula ng panghuling taon ay lihim na palang ipinakikipagkasundo sa anak na dalaga ni Don Mateo na dili iba't si Milagros.

Patuloy ang walang puknat na pag-aaral ni Delfin sa Maynila hanggang sa dumating ang bakasyon. At gaya nang dati, ay umuwi siya sa kanilang nayon ng Bulihan upang doon magparaan ng mga araw sa piling ng kanyang mga magulang at kapatid. Natuturan mang bakasyon ay panay na pag-aaral at pagrerepaso ang ginagawa ni Delfin.

Isang gabi ay hinintay ni Don Fernando na matapos sa pag-aaral ang kanyang anak. Ibig niyang makausap ito at maipahiwatig ang tungkol kay Milagros.

—Nagpapasalamat ako at diyan ka nahilig, na di katulad ng Ka Delio mong abito ang pinili, —wika ng matanda nang sila'y magkaharap sa pagkakaupo.

—Ang Ka Delio ay may pusong babae, kaya huwag mong pagtakhan, Papa, —tugon ni Delfin. —Ako naman ay nagpapasalamat din at hindi pa nakakaisip ng anuman tungkol sa babae.

—Iyan ang mainam, —sagot naman ng kanyang papa. — Nguni't pag nakaisip ka na, ang ibig kong mapangasawa mo ay ang anak na dalaga ni Don Mateo. Hindi mo pa ba nakikilala si Milagros? A, pag nakita mo ay magagayuma ka. Maganda, mabait, matalino at mayaman. Kaya ibig ko, kung mag-aasawa ka rin lamang ay mag-asawa ka sa isang dalagang sing-uri natin, katulad na nga ni Milagros, upang huwag tayong mapintasan ng ating kapuwa.

Hindi tumugon si Delfin. Kung hindi man siya tutol sa tinuran ng ama ay hindi naman siya sang-ayon.

At isang linggo ng umaga, si Delfin ay ipinagsama ni Don Fernando upang maipakilala kay Milagros. Nagkakilala naman ang dalawa at madaling nagkapalagayan ng loob. Nasiyahan ang binata sa magandang pagkatanggap at pakikitungo sa kanya ng dalaga, nguni't hanggang doon na lamang at sa wari ay talagang wala pa sa isip ni Delfin ang suliranin ng pag-ibig. Datapuwa, nang maparaan sila sa masayang pataniman ng ilan nilang kasama na kinabibilangan ng naggagandahang dalaga, ang pinid na puso ng binata ay binuksan ng pambihirang kariktan ni Ligaya. Sa karamihan ng naggagandahang paraluman ay kung bakit kay Ligaya napako ang tila nabalani niyang mga mata.

—Iwan mo na ako rito, papa —wika ni Delfin nang lapitan sila ni mang Ambo na isa sa mga katiwala ni Don Fernando sa mga pasaka. —Sa pana-panahon ay ibig kong malasin ang larawan at buhay sa bukid.

—Siyanga naman, Don Fernando, —katig ni mang Ambo. —Bayaan ninyong makita at maranasan ni Delfin ang buhay sa bukid.

—Sige, ipagsama mo, Ambo, —wika naman ng ama. — Mabuti ngang malibang naman siya maminsan-minsân at nang huwag lumabis ang pag-iisip sa mga aklat, at iniwan na ang anak.

Nawili si Delfin sa bukid, laluna nang ipakilala sa mga kadalagahan at kabinataan. Ang mga sulyap niya'y dagitab na umuugnay sa sulyap ni Ligaya, kaya naman sa kanilang mga puso ay parang kumikislap ang ilaw ng pag-ibig.

Nang tanghaling yaon ay hindi na naisipang umuwi ni Delfin sa kanila. Napapigil na siyang makisalo sa salu-salo nina Ligaya pagka't sila ang may patanim.

—Kumusta ang pag-aaral sa Maynila? —tanong kay Delfin ni mang Doro, ang ama ni Ligaya

—Mabuti po naman, —mapitagang tugon ng binata. —Kung may awa po ang Poon ay isang panahon na lamang ang aking ipagtitiyaga.

—Ganyan nga, Delfin, —pasiglang-loob na wika ni mang Doro. —Haplitin mo't nang madaling pakinabangan, upang mayroon man lamang maipagmalaking manananggol itong ating munting nayon.

Ang mata ng kadalagahan at kabinataan ay nakapako kay Delfin. Talaga namang maganda siyang lalaki, bakit kulot pa ang buhok at magaan ang bibig. Higit sa lahat, si Ligaya ang lihim na nagsisimpan ng kakaibang damdamin, mula pa kaninang makilala't makadaupang-palad ang binata. Sa kabilang dako naman, si Delfin ay gayon din. Nguni't naging katutubo sa kanya ang pagiging maingat at mahinhin, kaya hindi kara-

*(Buklatin sa pahina 14)*

## Sa Puting-tabing



Masayang tagpo sa "Awa ng Birhen sa Baklaran" ng Tamaraw Studios. Pinangungunahan nina Arsenia Francisco, Eddie del Mar, Patria Plata at Ramon D'Salva, ang pelikulang ito'y ipinagkakapuring ihandog ng Tamaraw sa bayang manonood.



Isang tagpong lubhang madula sa "Dimas" ng LVN na pinamamahalaan ni Nemesio Caravana. Tumutupad ng mga pangunang papel sina Rogelio de la Rosa, Lilia Dizon at Rosa Rosal.



Isang tagpong puno ng aksiyon sa "Malulos" ng Premiere. Tinatampukan nina Nena Cardenas, Eddie del Mar at Lopito, sa pamamahala ni Direktora Consuelo P. Osorio.

Sina Bayani Casimiro, Elena Mayo, Jose Criz Soto at Lydia Montañez, sa "Maria Bonita" ng Royal Productions na pinamamahalaan ni Manuel A. Garcia.







Ang ating nalilingalig ngayong mga nangangalaga sa kapayapaan ay magtatagumpay sa kanilang layunin kung, kukunan nila ng halimbawa ang mga sinundan nilang lalong nagwagi sa kanilang gawain. Sasang-ayunan ng mga Molotov at Romulo ngayon na ang sanduguang nilakipan ng pagtutunggaan ng dugo ay madaling isagawa at makatuturan. Sa kaunting dugo, nakuha nina Sikatuna at Legazpi na mabigkis sa pagkakaibigan ang dalawang lahi. Dahil sa matatag sila sa pasiya ay malaki ang kanilang natamo—sa kaunting puhunan.

Ang mga pangyayaring tulad nito ay iilan at pambihira ang isa ay karaniwang kinakailangang "magtigis" nang marami—upang may matamong marami. At paulit-ulit na nasasaksihan ang kasaysayan, kahi't sa lalong malaking yugto sa SANTA MESA HEIGHTS na doon ay maraming mamamayan ang bumili ng lote sa napakaliit na halaga. Tunay, sa aming San Jose Project sa SANTA MESA HEIGHTS, ang maliit na puhunan ay maibibili rin nang malaki!

- Ito ay malapit sa Maynila.
- Ito ay siyang Pintuan sa pagtungo sa Pook ng Kapitolyo.
- Ito ay mararating mula sa lahat ng dako ng Maynila at magdaraan sa mga lansangang aspaltado.
- Ito'y naghahandog sa inyo ng paninirahan sa nayon sa kanyang sukdulang kasiyahan, taglay ang lahat ng kaluwagan sa pamumuhay sa nayon na malapit sa Maynila.
- Ito'y ipinagbibili sa ilalim ng paraan na magaan na paghuhulog ng bulugang makakaya NINYO.

GREGORIO ARANETA INC

J. Araneta Bldg. 343 Echague, Manila Tel.

E C A

## KALENDARYO NG MAGSASAKA

Inilalathala ng "Bagong Buhay" at ng Pangasiwaan sa Pagtutulungang Pangkabuhayan ng E. U. ukol sa kagalingan ng mga magsasaka sa Pilipinas.

**ANG LANGAW AT KAYO!**



## INGATAN ANG INYONG PAMILYA SA SAKIT




**PAHALANG**

1. Karakaraka
5. Halang sa lalamunan (huling pantig)
8. Panimplang bulli
12. Sambot
13. Ang sarili
14. Daang-bakal
16. Dating Kostantinopoles
18- Ilibot
19. Lider ng pulohang intsik
20. Marahas na pamumugbog
22. Ibong sagisag ng Amerika
23. Paningin
24. Paglulugas ng mais
26. Bayan sa labas ng Maynila
29. Nagbili ng Panay sa isang datu sa murang halaga
33. Hukom na ipinadala sa Iloilo
34. Tuyung-tuyo
35. Antipas (unang pantig)
36. Taguri sa lalaking tao
37. Humanap ... (dalawang kataga)
38. Iyong-iyon lamang
39. Conrado
40. Duklay
41. Tinggal
42. Nakabili ng Panay sa murang halaga nang unang panahon
44. Ginawang punlo
45. Kayo
46. Anong gagawin
47. Tatak ng siper
50. Lamang tumigas sanhi sa masikip na sapatos
52. ...at (bagong halal na senador)
55. Kirot
57. Instrumentong gaya ng organo
59. Tugtuging guaratsa
60. Bayan sa Kabite (kinaltas ang huling titik)
61. Sasakyang pangkargamento
62. Ma... (pupuede)
63. Pangalan ng negro
64. Tanyag na tatak ng sapatos sa Maynila

**PABABA**

1. Lasa ng hilaw
2. Benda
3. Hinto (sa kastila)
4. Pelikula ng WB
5. Makakaing singaw ng kulog
6. Ibilad na sinabon
7. Larong amerikano
8. Angkin
9. Punyagi
10. Pansamantalang ihabilin o itago
Binayaran ng salapi (kinaltas ang unang pantig)
15. Asin (sa kastila)
17. Pagligis ng kinakain
21. Sarisari
23. Karaniwang ibon
25. Kahon ng balota
26. Tuyong labi
27. Senador na Liberal
28. Pagkuskos sa bahaging makati
29. Mainam
30. Bumago
31. Pagtawag sa Diyos
32. Daungang-lunsod sa Hapon
34. Sabak
37. Unang hari ng Israel
38. Tugtugin ng pagsamba
40. Embahador ng Australia sa EU
41. Lulunasan ang uhaw
43. Orihinal ng librong sinulat ni Sir Thomas More
44. Toniko sa buhok
46. Misyong pransiskanong itinatag noong 1718
48. Bulalas ng panunudyo
49. Mediko legal ng NBI
51. Pag-aalis ng balbas
52. Samahan sa pagsaklolo ng Pilipinas (pantitik)
53. Masakit na pintas
54. Pula ng itlog (sa ingles)
56. Hirang (kinaltas ang unang titik )
58. Tagapag-alaga ng kabayo (kinaltas ang unang titik)




**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

## Sagot sa Nakaraan

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | N | T | A | S | | K | U | T | A | | T | A | L | I |
| N | A | U | L | I | | A | H | I | T | | I | Y | A | N |
| I | N | G | A | Y | | W | A | L | O | | N | A | I | S |
| M | A | N | B | U | L | A | W | | | T | A | N | T | O |
| O | Y | A | | D | O | N | | B | A | U | L | | | |
| | | | N | A | S | | M | A | G | P | U | N | T | A |
| T | A | M | A | D | | M | A | G | N | A | N | A | I | S |
| I | L | A | N | | B | A | L | A | O | | T | R | A | S |
| P | I | N | I | P | I | G | I | L | | Q | U | I | O | N |
| I | P | I | N | A | S | A | K | | P | U | N | | | |
| | | | I | K | O | T | | U | R | I | | I | T | I |
| M | A | G | N | O | | | A | M | O | R | I | T | I | S |
| I | L | A | G | | A | G | A | P | | I | L | A | Y | A |
| S | A | W | I | | S | I | N | O | | N | A | Y | A | M |
| A | S | A | L | | I | N | O | G | | O | S | A | K | A |






## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Nob. 18

1. *Lourdes Roque* — Stma. Trinidad, Malolos, Bulakan
2. *Juanita Ambil* — 557-B Int. Florante, Quiapo, Maynila
3. *Macaria M. Cruz* — Bayanbayanan, Marikina, Rizal
4. *Gregorio de Guzman* — 1351 Int. 3 Felix Huertas, Maynila
5. *Restituto Gamboa* — 1925 Herran, Paco, Maynila

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panlinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: *PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.*

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng PALAISIPAN ay hindi pahahalagahan. Ang mga nanalo na sa PALAISIPAN na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas magbuhat nang malathala ang mga pangalan ay hindi maaaring papanalunin muli.)

**panibugho**

**titigan mo ako,**
**akong kaharap mo sa dilim ng buhay;**
**buhat sa mata ko:**
**iyong mababasa ang talatang dilaw!**

**—ger m. santi**

# Ang Anak Na Bunso



**ni JOSE R. ATIENZA**

**DI DAPAT PAKAMAHALIN AT PALAYAWIN ANG ISANG ANAK SAPAGKA'T KUNG MINSA'Y ITO RIN ANG MAGDUDULOT NG PULA SA MAGULANG**

SA TATLONG anak nina Aling Hule at Mang Bruno ay si Miguel ang ipinagmamalaki ng mag-asawa. Dito nila namamalas ang katalinuhan at ang buhay na loob na hindi nanganganino sa kanyang mga kapuwa bata. Ang panganay na si Tarsing at ang sumunod na si Nanding ay hindi gaanong nakapagbibigay-kasiyahan sa kanila. Para sa mag-asawa ay pangkaraniwang mga bata lamang ang mga ito na hindi nila lubhang ipagkakapuri sa kapuwa nila magulang.

—Talagang matalino si Miguel ko, Kumare! —ang madalas masabi ni Aling Hule sa kanyang Kumareng Iska. —Akalain mo ba namang... —at isusunod nang ibalita ang mga 'kalikutan" at "katalinuhan" ng kanyang bunso.

—Bale-bale ang anak kong ito! —madalas namang ipanabi ni Mang Bruno sa kanilang mga kapitbahay. —Akalain mo bang walang inuurungang kapuwa bata?... —at idudugtong na ang mga ginagawang pagbubuhat ng kamay ni Miguel sa mga kalaro na ipinalalagay niyang "katapangan" ng ipinamamaraling anak.

Sa mga pamamalitang iyan ng mag-asawa tungkol kay Miguel ay lihim na nangapapaismid ang mga pinagbabalitaan. Sa ganang kanila'y lumalabis ang pagpapahalaga nina Mang Bruno at Aling Tale sa anak na bunso. Ang mga pagmamapuri nito sa anak ay itinuturing nilang "kahibangan" ng nalilisyang mga magulang.

—Kunsintidora iyang si Aling Hule, —minsa'y nawika ng isang kapitbahay na labandera. —Akalain mo ba namang inuutusan kahapon si Miguel, nguni't ayaw sumunod at kung anu-ano ang dinadahilan: kesyo ganito... kesyo gayon... Pero alam mo ba kung ano ang ginawa? Sa halip na kastiguhin sa katigasan ng ulo ay niyakap pa at sa harap ko'y sinabing talagang may isang salita raw ang kanyang anak. Pag hindi aniya gusto ay hindi mo raw mapipilit!

—Talagang kunsintidora, —sagot ng kausap. —Akalain mong ipinagmamalaki pa ang gayon. Kung ako ang mga magulang ng Miguel na 'yan, ewan ko! Baka ngipin lang niya ang walang latay!

Sa kabilang dako, sa nakikitang mga pagpapasunod at pagpapalayaw ng mga magulang, si Miguel ay natulad sa punong-kahoy na nahutok at tumigas sa dakong kinahihiligan. Ang katigasan ng loob ay nagpatuloy at lumala nang lumala. Kung may inaaway na mga kapuwa bata ay masaya pang ipinamamalita sa lahat lalung-lalo na kina Aling Hule at Mang Bruno.

—'Yan ang lalaki! —isasagot naman ng ama't ina. —Sigi, anak! Huwag kang padadaig! Aryahan mo nang aryahan, basta kaya mo!

Habang nagdaraan ang mga araw ay hindi nagbabago ang gayong lakad ng mga bagay-bagay sa buhay nina Aling Hule. Lalong nag-iibayo ang kanilang pagmamalaki at pagmamapuri sa anak na si Miguel. Wala silang naging panauhin at walang sinumang nakausap na hindi nabanggit ang gayong kalikutan ng anak, ang ganitong katalinuhan, at ang ganuong katapangan. Bahagya nang mabanggit ng iba ang tungkol sa sariling anak, at susundan na ng mag-asawa ng tungkol naman kay Miguel. Wari'y naaangat ang mag-asawa kung nababanggit ng iba ang kanilang bunso tungkol sa pakikipag-away o pakikipagsagutan kay gayo't kay ganito. Tila ipinagkakapuri pa nila at ikinararangal ang "katangian" ng kanilang anak, na kung tutuusin ay malaking kapintasan at kasiraan para sa kanila.

At hindi lamang iyan. Naging mapalalo na tuloy ang mag-asawa sa kanilang mga kapuwa magulang kung ang napag-uusapan ay ang tungkol sa kani-kanilang mga anak. Kapag may naibalita ang iba na kabutihan ng kanilang bunso o katapangan kaya at katalinuhan, ay agad nang palibabawan sa pagbabalita naman ng tungkol sa kanilang si Miguel.

—Malayo 'yang anak ninyo sa aming si Miguel... —sasabihin ng mag-asawa. At babanggitin na ang mga gawain ni Miguel na sa palagay nila'y nakahihigit sa ibinabalitang anak ng kanilang kausap.

—Ba, talagang mabibihira n'yo ang batang katulad ni Miguel ko! —pagmamalaki pang lagi ni Aling Hule sa sinumang makasatsatan. —Bukod-tangi na yatang hindi natatakot kaninumang kapuwa bata! At subukin naman n'yong kausapin...pag hindi nadaig kayo sa mga katwiran, e!

—Sa tapang naman ay wala na yatang uuna! —madalas namang pagmamapuri ni Mang Bruno. —Ang akala ba n'yo'y mapatatakbo si Miguel ko ng sinumang bata dito sa atin? Malayo! At may iniingatan namang lakas ang tinamanang... —at susundan pa ng tawang nagmamalaki.

Patuloy ang mga araw. Isang umaga, samantalang nagkakaumpok-umpok ang ilang babae sa isang tindahang karatig nina Mang Bruno, ay lumapit si Aling Hule at lumahok sa usapan. Nang mabanggit ng isa ang tungkol sa kanyang anak na nagtamo ng mataas na nota sa eksamen, ay idinale na naman ni Aling Hule ang ipinagmamapuring si Miguel.

—Nabanggit ninyo ang inyong anak, Ka Menang... hindi lalo 'yan kay Miguel ko! Si Miguel ko ay lagi ring mataas ang nakukuhang nota, pero ang ipagtataka n'yo'y ni hindi humawak ng libro sa bahay!

—Siyenga ho ba? —patianod naman ng isa nguni't palihim na umismid at kumindat sa isang katabi.

—Maniwala kayo! At hindi lang 'yan. Ang ikinatutuwa ko sa batang 'yan ay may sarili namang palo. Ang akala ba ninyo'y uutusan pa 'yon? Makita lang na may ginagawa ka ay agad nang tutulong, at kung hindi mo hahayaan ay pariringgan ka na ng matatalinghagang mga katwiran na aywan kung saan natututuhan.

—Ku, e bakit noong isang araw na inuutusan n'yong bumili ng mantika ay ayaw ka-

yong sundin? —patlang ng isang malaon nang "suya" sa mga pagmamapuri at pagpapalalo ni Aling Hule tungkol sa anak na sutil.

—E, nataunan lang na binabaltik noon,—ani Aling Hule na tila nagmamagaling pa.— At iyan ang isa pang ihahanga ninyo sa batang 'yan. Matigas ang loob at walang inibig na napangibabawan. Kaya nga ba pati na ng mga kapuwa bata ay walang makaloko-loko, e. Aba, e talaga namang titirahan sila nang husto, e!

—E, mabuti ba naman ang gayon? — sagot ng isang ibig nang "mambara" kay Aling Hule.—Dapat nating hutukin ang katigasan ng ulo ng ating mga anak habang maliliit pa, pagka't kung lumaki ay baka tayo rin ang magsisi!

—Hummm! ako'y hindi ganyan! Basta kung ano ang hilig ay siya mong ibigay!—ani Aling Hule. —Saka ibahin naman n'yo si Miguel ko. Kabukod-tanging bata na yata 'yan na kahit matigas ang ulo at matapang ay hindi naman lumilihis sa matuwid. Sa oras lang ginagamit. Saka hindi naman n'yo masusumbatan na gumawa ng anumang masama. Sa kabila ng katigasan at katapangan ay mayroon namang hiya at hindi gumagawa ng lisya sa matuwid. Iyan ang maipupuri n'yo kay Miguel ko!

Nagkalabitan ang dalawang kausap ni Aling Hule at palihim na muling umismid naman ang isa.

Napabaling ang magkakaumpok sa may dakong lansangan. Isang batang lalaki ang tumatakbong hinahabol ng mga taong nagkakaingay at nagsisigawan. Nang mapalapit ay nakilala nilang si Miguel. Maliksing sinugod ni Aling Hule at niyakap na wari'y nais ipagtanggol sa mga taong humahabol.

—Bakit, anak ko? Bakit...? —usisa ni Aling Hule.

Hindi sumagot si Miguel at nanatiling walang kibo. Ang ilan sa mga nagsisihabol ay siyang nagpaliwanag ng mga pangyayari...

—E, 'yang walanghiyang anak n'yo, Aling Hule! Hambalusin ba naman ng kahoy na bakawan ang anak ni Mang Kanuto! Hayun at putok ang ulo, dinala tuloy sa ospital.

—E, bakit hu ba naman? — tanong ni Aling Hule. —Marahil ay may ginawang masama sa anak ko kaya nagkagayon!

# ANDRES BONIFACIO

*Sa talaksan ng maraming magigiting na naghandog,*
*Sa sanglahing Kayumanggi ng buhay na nangalagot;*
*Isang Andres Bonifacio ang pangalang napabantog*
*Sa alamat ng talibong at kampilang namumukod:*
*Isang hamak na lalaking ang katwirang itinampok*
*Ay makipagpaligsahan sa angil ng mga putok.*

***

*Nang ang unang pagmimithi ay balaking maitanghal,*
*Di mabilang na kapatid ang natambak na kalansay;*
*Datapuwa't bawa't dugong namilansik sa karimlan,*
*Ay liwanag ng lunggating nagsikislap na tagumpay;*
*Isang lahi ang kanilang naitindig na may dangal,*
*Nang ang laya at bandila'y nag-iisang mawagayway.*

***

*Bonifacio, bayani kang ang pangala'y nakalimbag*
*Sa gunita ng kahapong di malimot na alamat;*
*Hindi ikaw ang bayaning sa hangad na paitaas,*
*Ay dangal ng maliliit ang hinagdang papaakyat;*
*Bayani kang di sarili ang palalong itinanyag,*
*Bayani kang nang masawi'y paglaya ang binibigkas.*

***

*Bonifacio, kaming mga kapatid mo'y nagbubunyi.*
*Sa araw mong di na namin malimot sa aming budhi;*
*Sa sinundan at susunod na salin ng ating lahi,*
*Isa sanang gaya mo pa ang sumipot na pamuli;*
*Nang sa gayon, itong aming kalahian ng pighati,*
*Sa haging ng punlo't tabak, ang ligaya'y mapangiti.!*

*—FLORENTINO S. CELERIO*

---

—Ano hu bang masama! — sagot ng isa. — Ganito hu ang nangyari! 'Yung anak ni Mang Kanuto ay kumakain daw ng papsikel. Humihingi yang Miguel na 'yan. Nang ayaw bigyan ay inagaw at ibinato sa putik! Nang magalit 'yong isa at aawayin siya ay hinambalos na nga ng bakawan!

Hindi nakakibo si Aling Hule. Tinitigan ang anak, nguni't sa pagkakatungo nitong walang kakibu-kibo ay napatunayan niya ang pag-amin sa pagkakasala.

—Iyan ba ang ipinagpapalalo ninyo? —nanggigigil na wika ng isang lalaki. —Panay na kawalanghiyaan ang ginagawa! At ipinagmamalaki pa ninyo sa lahat —kesyo matapang... matalino... namumukod-tangi... walang kaparis! Phue!

Hanggang sa dalhin ng isang pulis si Miguel upang pansamantalang ipiit sa ginawang pagkakasala ay hindi na nakahuma si Aling Hule. Samantala'y lihim na nagtatawanan ang mga nakasaksi sa pangyayaring iyon dahil sa malaking kahihiyang idinulot ng "matapang," "mabait" at matalinong" bata sa mga magulang na naging lubhang kunsintidor, mapagmapuri at mapalalo sa kanilang kapuwa.

—Iyan ang kinahihinatnan ng mga magulang na mapagpalayaw at nahihibang sa pagmamahal sa kanilang anak!—ang malakas na nawika pa ng isang lalaki sa mga kaharap. (X)

———oOo———

## Pagkabigo . . .

(*Karugtong ng nasa pahina 7*)

lay ang bagong anyo... ang bagong kagandahan!

Biglang itinaas ni Armando ang kanyang ulo mula sa pagkakayupyop. Sa isang kisap-mata'y gumalaw ang kanyang mga daliri sa piyano at sa katahimikan ng gabi'y nakipagtalik ang taginting na malungkot, tumatagos sa puso!

Samantala'y payapang nakikinig sa kanyang tabi ang kaibigang mamamahayag na sadyang inanyayahan niya nang gabing iyon. Ito'y may hawak na papel at manakanakang may itinititik.

At habang ang tugtugi'y dahan-dhan d u m a r a t i n g sa kanyang wakas, ang paapel na hawak ng mamamahayag ay unti-unti namang napupuno ng titik...

*..."Isang tunay na artista si Armando Montes. May sarili siyang daigdig sa sining ng musika na di pa napapantayan sa panahong ito. Habang siya'y tumutugtog, ang musika'y dumadaloy sa himaymay ng aking puso't sinasaliksik pati aking kaluluwa! Tila baga yao'y pinipintigan ng kahiwagaan ng buhay, tila ipinadadama ang kawalang-hanggan ng panahon at itinatanghal ang kagandahan ng daigdig sa isang paraang mabisa't kapani-paniwala na para bagang ang kagandahang yao'y isang bagay na maaaring masalat ng mga kamay..."* (X)

———oOo———

## Walang . . .

(*Karugtong ng nasa pahina 8*)

karakang makapagpapahayag ng niloloob.

Kapuwa sila hindi nakatulog nang sumunod na magdamag. Kapuwa may sugat ang kanilang puso. Nagkapangarapan sila at nagkaalalahanan nang lihim. Kaya, kinabukasan, ay pinananabikan nila ang kanilang muling pagkikita.

Anupa't hindi naglaon, dalawang puso silang nagkaisa ng damdamin, nagkaisa ng tibok at nagkaunawaan. Di anhin ay lumawig pa ang bakasyon upang huwag siyang mawalay sa piling ng kanyang giliw.

—Malapit ka nang lumuwas, —isang gabi ay malungkot na nawika ni Ligaya sa binata, nang sila'y malayang nag-uusap sa balkon ng tahanan ng dalaga, — doon ay maraming maganda kaysa akin. Idinadalangin ko sa Diyos na kahimanawari, ang abang kasuyo mo'y maalaala mo man lamang minsan sa maghapon.

—Kulang ka nang pagtitiwala sa akin, Ligaya, —tugon ni Delfin. —ang pangako ko ay hindi ko isinusulat sa tubig. Iya'y nakaukit sa bato at hindi na makakatkat kailanman, maliban kung durugin na ang batong iyan.

—Inaasahan ko naman, — tugon ni Ligaya, —sapagka't mahal ka sa akin.

Subali't katulad ng panahon na di laging maaya, ang langit ng pagmamahalan ng magsinggiliw ay nakulapulan ng madilim na ulap. Ang katiwalang si mang Ambo ni Don Fernando ay naghatid-balita sa malimit na pagpanhik ng ligaw ni Delfin kina Ligaya. Naging labag ito sa kalooban nang Don palibhasa'y ipinakipagkayari na niya kay Don Mateo. Nang gabi ring iyon, matapos magha-

punan ay tinawag si Delfin at pinangusapan na may kahalong pagkutya at paghamak sa mag-aanak na Ligaya.

—Ano ang maipagmamalaki mo sa isang Ligayang anak lamang ng isa nating kasama sa bukid? Iyan ba ang karangalan at pangalang ibibigay mo sa akin?

—Nguni't, papa...

—Sukat na! —matigas na ang pangungusap ni Don Fernando. —Sinabi ko na sa iyong kung mag-aasawa ka ay kay Milagros. Ang makasusunod sa akin ay akin at ang hindi naman ay kailangang lumabas sa aking bakuran!

Hanggang sa silid ay dinig ni Donya Maria ang pabalagbag na katwirang ito ng kanyang asawa.

—Si Milagros o si Ligaya? Makapamimili ka sa dalawa, — patuloy pa ni Don Fernando.— Kung sa una, ipagpapatuloy ko ang pag-aaral mo at may mamanahin ka sa akin. Kung sa pangalawa, wala na akong sinasagot. Wala akong anak at wala ka namang ama.

Sasagot pa sana si Delfin upang paliwanagan ang kanyang papa, nguni't...

—Tapos na ang pasya at lumayo ka sa harap ko, —wika ng Don.

Nang magkausap ang mag-ina ay pinagpayuhan ng matandang babae si Delfin.

—Katwiran at hindi, iyan ay pasya ng iyong papa. Mahirap baliin. Nalalaman ko kung gaano ang pagdaramdam mo, nguni't magtiis ka, anak. Ikaw naman ay may isip na at nakababatid na ng matuwid. Nasa likod mo ako sapagka't ako'y ina mong namuhunan sa iyo ng dugo at buhay. Pag-aralan mo at malaman ko ang iyong pasya.

Kinabukasan ay yari na ang pasya ni Delfin. Sa kanyang mama una siyang nakipagkita. Ipinagtapat dito ang matatag niyang naging pasya.

—Hindi ako maaaring umibig at pakasal kay Milagros, mama, —wika niya.

—Ikaw ang bahala, anak, nguni't tatagan mo ang loob mo, — payo ng ina.

Nakabihis na si Delfin nang makipagkita sa kanyang papa. Nakaupo ito sa sopa at nagbabasa ng pahayagan.

—Kung sabagay papa, ay hindi pa tapos ang bakasyon, nguni't kailangan ko nang lumuwas. Tungkol naman sa pinag-usapan natin ay hindi maaamin ng aking budhi na tanggapin ang anumang bagay na laban sa aking sarili. Ipagpatawad ninyo sa akin, papa...

—Makalalayad ka, —ani Don Fernando, at nagpatuloy sa pagbabasa ng pahayagan.

Nanaog na si Delfin. Hindi na siya nagpaalam pa sa kanyang mama. Buhat sa bintana ay tinanaw lamang siya nitong may luha sa mata na walang sinasambit-sambit kundi "O, ang anak ko!"

Sa Maynila ay walang sinikap si Delfin kundi ang makakita ng mapapasukan. Nalalaman niyang wala na siyang aasahan. Kailangan niyang itigil na ang kanyang pag-aaral. Salamat naman sa tulong ng ilan niyang kaibigan at natanggap siyang kawani sa isang bahay-kalakal. Nagsimula siyang mangupahan at tuwing Sabado ng hapon, lihim sa kaalaman ng kanyang papa, ay dumadalaw siya kay Ligaya. Sa dalaga man ay hindi nalingid ang lahat kaya't tinapat na si Delfin...

—Nalalaman kong dahil sa akin kaya ka nagtiis ng ganyan

—Utang na loob, Ligaya, — wika ng binata, —huwag nating pag-usapan ang bagay na iyan. Ang pag-usapan natin ay ang ganang atin. Ibinabalita ko sa iyong naghahanap-buhay na ako sa Maynila. Pag ako'y nakaimpok ng kaunti ay saka tayo magtatapat sa iyong mga magulang.

Nakinig naman at sumang-ayon si Ligaya. Noon niya napatotohanan ang katapatan ni Delfin sa kanyang pangako. Wala nang agam-agam ang kanyang pusong baka si Delfin ay katulad din ng ibang anak-mayamang mapagsamantala lamang.

Si Donya Maria ay hindi na hiniwalayan ng sakit mula nang umalis ang bunso. Nalalaman niyang walang pagkukunan ang kanyang anak at nanghihinayang siya sa natigil nitong pag-aaral. Ang isa pang damdamin niya ay ang pagkakaalis na hindi man lamang nagpaalam kahit na sa kanya. Bumibigat ang kanyang sakit. Anumang pakiusap niya sa kanyang asawa na ipahanap at ipasundo si Delfin ay para-parang nawalan ng saysay.

Isang araw ay lumuwas sa Maynila si Ligaya upang mamili ng ilang kailangan. Nagkita sila ni Delfin. Kinayag na siya ng binatang pakasal nang lihim. Sa simula ay tutol pa sana si Ligaya, subali't pinaliwanagan siya ni Delfin.

At natupad ang nais ng kasuyo. Umuwi si Ligaya sa nayon na parang walang anumang nangyari.

Sa kabilang dako ay malubha na ang lagay ni Donya Maria. Laban man sa loob ni Don Fernando ay hindi na nakatiis si Delio na hanapin sa Maynila ang bunso niyang kapatid.

—Delfin, —salubong ni Delio nang sila'y magkita, —sinusundo kita sapagka't malubha na ang Mama at ikaw ang lagi nang tinatawag, —at sila'y magkayakap na nagkaiyakan.

—Nagagalit sa akin ang Papa, Ka Delio, paano ang aking pagpanhik?

—Basta't huwag mong intindihin ang Papa. Ang alalahanin mo'y ang mama.

Nang dumating sila sa nayon ay nakababanaag pa si Donya Maria. Nakilala pa niya ang pinakamamahal na bunsong si Delfin.

—Salamat, anak ko, — paos na ang tinig na wika ng Donya. —Ngayon ay maligaya na ako at maaari na akong pumanaw. Magpakabait ka, anak, at magmahalan kayo nang walang pagtatangi-tangi, —ito na lamang ang tanging naiwang tagubilin ng kanilang mama at pumikit na ang mga mata.

Nairaos ang libing at pagsisiyam sa yumao ay di binabati ni Don Fernando si Delfin. At bilang isa pang matinding pagpapasakit ay ipinatawag ang kanilang abugado at ipinayari na ang kahilang mana. Pinamanahan si Delio at si Anita, nguni't si Delfin ay wala kahi't kusing. Pati ang buong nayon ay nakababatid sa malabis na pagpapasakit na ito ni Don Fernando sa kanyang anak. Ang mga pagsamo't pakiusap nina Delio at Anita sa kanilang papa upang patawarin na si Delfin ay nawalan ng saysay.

Hindi na lumuwas sa Maynila si Delfin. Naglakas-loob nang magtapat sa mga magulang ni Ligaya na sila'y kasal na nang lihim. Palibhasa'y isa namang amang makatwiran at mapagpaumanhin, si mang Doro ay madaling naggawad ng bendisyon. Siya pa ang nangasiwa upang muling makasal ang dalawa sa simbahan.

Mula nang makasal si Delfin

## *Mga Tungkos ng Papuri . . .*

(Pagbati ng Tondo Parrochial School kay Mons. Jose N. Jovellanos alang-alang sa araw ng kanyang pagsilang, Disyembre 6.)

— II —

*Hangad naming kamanyangan ng papuri at dalangin*
*Ang buhay mong ginugugol sa banal na lunggatiin;*
*Araw-gabi'y sinasakit ng matapat mong tungkulin*
*Na ang tao'y mailapit sa Diyos na mahabagin!*
*Palibhasa, tayong tao*
*" Ay sa sama napatungo,*
*Kaya naman di mo nais na maligaw ng landasi't*
*Ang ILAW mong dala-dala'y pinipilit pagdingasin;*
*Sa tulong ng gintong aral at pagsintang walang maliw,*
*Ang masama'y siyang iyong ninanais pabutihin!*

— II —

*Batid naming mahaba pa ang landas mong tinatahak,*
*At marami pa ring buhay ang sa sama'y nalilinsad,*
*Nguni't kami'y may pag-asang ang layon mo'y magwawakas*
*Sa tagumpay, pagka't Diyos ang nais mong maihayag!*
*Kaya ngayo'y tanggapin mo,*
*Ang dalangin naming ito:*
*Sana'y lalong lumawig pa ang buhay mong sakdal dilag,*
*Upang mayrong masalami't mahuwaran kaming lahat;*
*Sana'y lalong yumabong pa ang awa mong tinatanggap,*
*At nang kami'y magkapalang lumasap ng iyong basbas!*

—*LUZ H. NICOLAS*


**TEOTICO CLINIC**
URINARY DISTURBANCES
GENERAL SURGERY
X-RAY SERVICE
7-9 A.M. No. 2 Legarda.
2-3 P.M. Tanduay.
(10-12 A.M. / 4-7 P.M.) Calvo Bldg., Escolta

# Kung Paano Inusig at Pinatay Ang "Ama ng Katipunan"

## ni Jesus C. Olega

*(KARUGTONG)*

Ang mga nagsilagda na naggawad sa kanya ng Hatol na Kamatayan ay sina Sulpicio de la Cruz, Crisostomo Riel, Mariano Noriel, Tomas Mascardo at Esteban Infante.

Ang mga pagmamatuwid na pinagsaligan sa paglalagda ng Hatol na Kamatayan ay nababatay sa ganito: Hindi maipahihintulot ng mga maghihimagsik na magkaroon ng pagkakahati. O ipagpatuloy ang Pamahalaan ng Katipunan sa ilalim ng pamamatnugot ni Andres Bonifacio o pamalagiin ang bagong katatatag na Pamahalaang Manghihimagsik na siyang kinakatigan ng nakararami. Sa pangyayaring ang mga pagsisikap upang sumamang muli si Bonifacio noong bago siya usigin ay di nagkaroon ng bisa at pawang nasayang, sa ganya'y napilitan ang Pamahalaang Manghihimagsik na siya'y itiwalag, inusig siya bilang isang kalaban at nilitis ng Sangguniang Digma at nahatulan ng Parusang Kamatayan.

At sa utos ni Heneral Mariano Noriel, isa sa mga lumagda sa pagbibigay ng hatol na kamatayan kay Bonifacio, ay inatasan nito si Koronel Lorenzo Makapagal upang ito ang magdala sa magkapatid na Andres at Procopio Bonifacio sa Bundok ng Tala. Si Koronel Makapagal ang pinagsulitan ni Heneral Noriel ng isang sobreng nakapinid at itinagubilin dito na pagdating sa Bundok ng Tala ay doon ito bubuksan at isasagawa, nang walang labis at walang kulang, ang nasasabi sa liham. Buhat sa kinakukulungang bilangguan ay isinama ang magkapatid na Bonifacio at apat naman ang kaagapay na mga kawal bilang mga tanod na siyang magsasagawa sa nasabing



*Andres Bonifacio*

utos. Nang dumating na sa Bundok ng Tala ay binuksan ni Koronel Makapagal ang liham at sa buong pagkamangha ay noon lamang niya natalastas na sila pala ang magiging mga berdugo sa buhay ng magkapatid.

Pinangiliran ng mapapait na luha ang mga mata ni Koronel Makapagal nang ipatalastas sa magkapatid na Bonifacio ang nasabing hatol, at sa buong pagkamangha rin naman ng magkapatid ay buong kababaang-loob na ipinakiusap nila kay Koronel Makapagal na sila ay palayain. Nguni't matigas ang pagtanggi ni Koronel Makapagal at sinabing siya'y kawal at wala siyang nararapat gawin kundi ang sumunod lamang sa ipinag-uutos sa kanya ng nakatataas na pinuno.

Sa gayo'y ipinag-utos ni Koronel Makapagal sa dalawang kasamang kawal na pasunurin sa kanya si Procopio samantalang tinatanuran si Andres ng dalawang naiwang kawal. Nang sila'y tumatahak na sa pag-akyat sa bundok ay doon nila kagyat pinatay si Procopio sa pamamagitan ng tabak at ulos ng bayoneta. Matapos na matabunan ang hukay na kinahihimlayan ni Procopio ay binalikan nila si Andres na muling nakiusap na siya'y palayain. Tumutol din si Koronel Makapagal at matigas na sinabing wala siyang nararapat gawin kundi tuparin ang utos sa kanya. Nang sila'y bumabagtas na sa isang kalaanan at sa malimit nilang pagtungo upang huwag masurot ng sanga ng mga kahoy, ay sinamantala ni Andres na siya ay makatakas, nguni't maliksing pinaputukan siya at sa tama sa balikat ay napahandusay kaya't doon na rin siya ibinaon na ang agwat nito ay mga 5 hakbang lamang sa ilog at may mga 25 hakbang naman sa pook na pinagbaunan kay Procopio

Iyan ang malungkot na mga pangyayari kung paano inusig at pinatay ang Ama ng Katipunan salig sa ilang mahihiwagang kasulatang pinagbatayan ng sumulat nito. Gayunman, ang likas at ganap na katotohanan hinggil sa naging malungkot na kapalaran ni Andres Bonifacio ay siyang hindi pa lubos na mapanindigan at mapatibayan hanggang sa mga sandaling ito.

Sa anu't ano man, hindi maikakaila si Andres Bonifacio ay siyang maituturing na maningning at pangunahing bayani ng ating Kalayaan, na kung hindi dahil sa ilang lihim na kaaway, gayundin sa ginawang pagtawad sa kanyang kakayahan ng isang Daniel Tirona, ay hindi sana humantong sa isang malungkot at maagang wakas.

---

at si Ligaya ay nag-aral nang gumawa sa bukid si Delfin. Hindi niya ikinahihiya, sa kabila ng kanyang pinag-aralan at kanilang kayamanan, ang humawak ng araro, lumusong sa putik at magpastol ng kalabaw. Kung minsan, buhat sa bintana ng malapalasyo nilang tahanan ay tinatanaw siyang nag-aararo ng kapatid niyang si Anita na nagpapahid ng luha. Si Don Fernando man ay nagmamasid din sa kanya nguni't lihim at pasilip lamang sa maliit na puwang ng bintana. Maaaring nagdurugo ang kanyang puso nguni't talagang matigas ang kanyang loob.

Hindi naglipat taon ay naisipan ng mag-asawang Delfin at Ligaya na mangibang bayan. Dumayo sila sa bayan ng Mataas na Kahoy. Dito sila kumuha ng kaputol na lupang masasaka. Ang dalawa ay kinasihan naman ng Diyos. Naging katiwala si Delfin ng isang mayamang taga-roon. Ang kaputol niyang lupa ay lumawak nang lumawak sa kagandahang-loob ng ilang mayaman.

—Ang puhunan ay bunga lamang ng pawis at bisig, —madalas niyang sabihin sa ilang mayayaman, — kaya dapat namang igalang ng paggawa ang *puhunang* iyan sapagka't pinamuhunanan ng pawis din at bisig — madalas namang sabihin sa mga magsasaka.

Ang magagandang payo at halimbawang ito ni Delfin ay iginalang naman at sinunod ng magkabilang panig, kaya namumukod ang bayang iyon na hindi panggalingan ng mga kaligaligan katulad nang nangyayari sa ibang bayan.

Tatlong taon ang matuling nakalipas. Si Delfin ay isa nang proprietaryo at mayamang tinitingala sa bayang yaon. Minsan ay naisipan niyang dumalaw sa kanilang munting nayon. Gaya nang kinaugalian nila ay tumuloy sila sa kanyang biyenan at nagsihalik ng kamay. Pagkagaling dito ay nagtuloy sila sa kanyang papa upang dito naman humingi ng bendisyon.

Matanda na si Don Fernando. Malaki na ang ipinagbago. Sa malas ay lumamig na ang dugo at nabagbag ang kalooban. Kaya paghingi ng kanyang kamay ay maluwag na iniabot kay Delfin at kay Ligaya na sa mata'y nunukal ang luha.

—Patawarin ninyo ako, mga anak, at pinatatawad ko na rin kayo, —wika niyang nagpapahid ng luha. —Bakit kayo nagpakalayu-layo sa akin?

Bago tumugon si Delfin ay nagpahid muna ng luha.

—Sa bayan ng Mataas na Kahoy kami ipinadpad ng magandang kapalaran, papa. Mayroon na rin akong mga lupain doon at isa na rin akong proprietaryong katulad mo.


Nagagalak namang nagtindig si Don Fernando sa pagkakaupo at ang wika:

—Hintayin ninyo ako, mga anak, at mayroon akong ipakikita sa inyo, —at sa kahon ng kanyang susulatan ay kinuha ang isang sobre. Ang ganang mana ni Delfin ay iniabot sa mag-asawa.

—Nagpapasalamat ako, papa, at nalalaman ko namang hindi mo ako matitiis. Nguni't ito'y papartihin ko sa dalawa at ipamamana ko naman sa Ka Delio at Ka Anita. Kami ay huwag mong alalahanin, papa, pagka't mabuti na ang aming kalagayan. Nagpapasalamat ako, sapagka't kung hindi mo ako tinikis dini'y hindi ako natutong magsikap. (X)

**AWIT NG MANGINGISDA** — Sina Norma Blancaflor at Rodolfo Ruiz ay muling hahangaan ng madla sa kanilang pagtupad ng natatanging papel sa "Awit ng Mangingisda" ng Kalayaan Pictures. Sa ibaba ay makikita sila sa isang maromansang tagpo na kaipala'y ipinaninibugho ni Ernesto la Guardia, kasamang tumutupad ng pangunahing papel sa panooring ito.





**ROMEO AT JULIETA** — Isang super-produksiyon ng Lebran na inaasahang sisira ng lahat ng rekord sa takilya. Makikita sina Erlinda Cortez, sa papel ng "Julieta," Fernando Royo ("Lord Capulet"), Africa de la Rosa "Lady Capulet"), at Nati Rubi, sa papel ng isang nars. Ang gumaganap ng papel na "Romeo" ay si Oscar Moreno.


## LIFE THEATRE — DISYEMBRE 7-13

BUONG KARANGALANG INIHAHANDOG NG

**KALAYAAN PICTURES** ang

*Musikal at Lipos ng Pag-ibig na Kasaysayan—*

# "AWIT ng MANGINGISDA"



Mga bituin:

**NORMA BLANCAFLOR** *

**RODOLFO RUIZ** *

**ERNESTO LA GUARDIA** *

Itinatampok si — Josephine Manalo

Ipinakikilala si — Rene Antonio, ang Jan Kiepura ng Pilipinas, at si Annie Sales, ang Jane Powell ng Pilipinas, gayundin si Salvador Zaragoza, sa isang naiibang papel.

Direksiyon sa Musika ni Ray Alinsod

Pinamahalaan ni ERNESTO C. LOPEZ

Producer — Mrs. Purificacion I. Zareno

***Isinapelikula ng MOVIETIC at ipinamahagi ng LEBRAN***


# *Mga Moda Ng Damit*















## Ang Asawa Ng Makata

(Karugtong ng nasa pahina 7)

bik ay nayakap siya kahi't na sila'y nasa gitna ng maraming tao.

Matapos nilang makapamili ay magkasamang sumakay ang dalawa, sa isang [illegible] ni [illegible] hatid-sa tahanan ni Belen. Habang doon ay nagbabalitaan ang magkaibigan, subali't pinakaingatan ni Belen na salingin ang sugat ng puso ng kaibigan. Talos niya ang nangyari kay Yolanda pagka't bago umalis ito'y nagpabalita sa kanya.

Nang sumapit ang gabi ay nagkayayaan ang mag-aanak nina Belen upang manood ng isang palatuntunan sa liwasan. Si Yolanda ay hindi nakatanggi sa anyaya ng kaibigan pagka't siya'y mapag-iisa ng bahay kungdi siya sasama. Nabatid ni Yolanda sa pamamagitan ni Belen na sa gabing yaon ay ipakikilala sa bayan kung sino ang makatang nagtagumpay sa pambansang timpalak ng tula at magkakamit ng dalawang libong pisong gantimpala. Naibalita pa rin ni Belen sa kaibigan na maramng lumahok sa timpalak na yaon subali't ang nagkapalad ay ang tulang may pamagat na "ALIPIN NG PAGSISISI." Ang plika dikuno na kinalalagyan ng sagisag ng mayakda ay sa gabing yaon bubuksan upang ipakilala sa madla, saka nito bibigkasin ang tulang nagtagumpay.

Nang dumating sila sa liwasan ay nagsisikip na sa dami ang mga makikinig. Matapos ang ilang bilang ng palatuntunan ay dumating na ang sandaling pinananabikan ng lahat. Ito'y ang pagbubukas ng plika na kinalalagyan ng sagisag at pangalan ng tulang "ALIPIN NG PAGSISISI" na siyang nagtamo ng unang gantimpala. Halos hindi humihinga ang lahat. Si Yolanda, na ayaw na ayaw nang makaririnig pa ng tula dahil nga sa hidwaang nangyari sa kanilang mag-asawa, ay inaalihan ngayon ng malabis na pananabik. Sisikdu-sikdo ang kanyang kalooban at ewan ba niya kung bakit gayon na lamang ang kanyang pananabik.

Makailang sandali pa ay narinig na muli ang tinig ng tagapagpakilala. Binuksan nito ang isang sobreng maliit at sa pamamagitan ng isang "mike" ay malakas na sinabing ang mapalad na makata ay nagtatago sa sagisag na "MAHIWAGA".

Umugong ang umaatikabong palakpakan. Nang mapawi na ang kaingayang yaon ay isang tinig ang biglang narinig. Ang lahat ng paningin ay napalingon sa pinanggagalingan ng tinig. Isang lalaking nakapiring ang nakita ng lahat na nakaupo sa silyang may gulong at bumibigkas ng tula. Samantala, si Yolanda, nang mapagsino ang bumibigkas ay hinawi ang mga tao sa kanyang daraanan at patakbong lumapit sa kinaroroonan ng makatang nabanggit. Nang sumapit siya rito'y siya na ang nagtulak ng silyang may gulong hanggang sa sila'y makarating sa may entabladong sadyang ginawa para sa gabing yaon. Gayon na lamang ang sigawan ng mga tao. Nais nilang makilala kung sino ang mahiwagang makatang nagtago sa sagisag na "MAHIWAGA". At sa gitna ng panggigilalas ng lahat ay nakilala nilang yaon ay si Arnulfo Buena-Obra, ang dati nilang hinahangaan at dinadakilang makata na ngayo'y nagbalik sa panitikan matapos ang mahabang panahong pamamahinga. Sa kanyang piling ay naroon si Yolanda, ang kanyang mabait na maybahay na pinaglupitan niya nang mga nakaraang araw. Habang pinupukol si Yolanda ng tingin ng madla ay may ngiti siya sa labing yumuyukod sa lahat at tila ba buong [illegible] sinasabi sa [illegible] ASAWA NG MAKATA.

Makalipas ang [illegible] ang mag-asawa'y [illegible] malaking sasakyang magtatawid-dagat upang magpagamot si Arnulfo sa ibang bansa na kasama ang butihing kabiyak ng dibdib. (X)




# "TERESITA"

## ANG PINAKAMADULANG NOBELA NG TAON!!!



Kasaysayan ng isang batang babaing itinakwil at di kinilala ng sariling ama, nguni't dumating ang panahong tinanghal at dinakila ng daigdig... hanggang sa pagsikapang muling angkinin ng nagtakwil na magulang!

Kasaysayan ng isang babaing nakulong ng pag-ibig ng tatlong lalaking mahal sa kanyang puso, datapwa't natutong magpakatimpi at nakapaggawad ng makatarungang pasya!

Kasaysayan ng isang dalagang nayon na hinamak at inupasala ng lipunan... subali't sa sariling pagsasakit at pagpupunyagi ay nakuhang itanghal ang sarili... hanggang sa sambahin at dakilain ng lipunan ding umaglahi sa kanya!

Kasaysayan ng isang babaing patirapang huminingi ng awa at katarungan sa paanan ng isang lalaki... na sa dakong huli ay siyang pinanikluhuran ng lalaki ring iyon na siya namang nagpapalimos ng habag at kalinga!

**Iyan ang madudulang kabanatang bumubuo sa kasaysayan ni**

# "TERESITA"

**Sinulat ni Eduardo Vianzon Rañola**

## MALAPIT NANG SIMULAN